Healing and Support
ZIMMERMAN SERVICE

Paghilom
at Pag-alalay

www.officeofsafeguarding.org.au

Healing and Support
ZIMMERMAN SERVICE

Opisina ng Safeguarding
Diyosesis ng Maitland-Newcastle
5 Selma St, Newcastle West NSW 2302
PO Box 29 Carrington NSW 2294
P 02 4923 0636
E healing.support@mn.catholic.org.au

30496

Paghilom at Pag-alalay

ZIMMERMAN SERVICE

Ang Healing and Support Service ay tumutulong sa mga taong nakaranas ng abusong sekswal mula sa mga nagtrabaho o nagserbisyo sa Diyosesis ng Maitland-Newcastle. Kaakibat sa pag-alalay na ito ay ang pakikipagtulungan sa mga naabuso at sa kanilang mga mahal sa buhay.

Ang Healing and Support Service ay tumatayong tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng mga naabuso sa loob ng Diyosesis at sa mas malawak na komunidad.

> Ang paghilom ay isang paglalakbay – isang proseso, hindi isang okasyon.
>
> SURVIVOR

Ano ang aming mga ginagawa

Ang Healing and Support ay nakikipagtulungan sa mga indibidwal upang alalayan ang kanilang paglalakbay tungo sa kanilang paghilom. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Pakikipagkita sa indibidwal at pagtatalaga ng counsellor, kung kinakailangan
- Paggabay sa paggawa ng pahayag sa kapulisan o sa iba pang autoridad upang maisawalat ang naranasan na pang-aabuso
- Pagsuporta sa kanya, sa kanyang pamilya at mga kaibigan habang gumugulong ang paghahanap ng katarungan sa prosesong kriminal o sibil
- Pagtaguyod sa Diyosesis at sa iba pang mga awtoridad ng Simbahan ang mga tao o pangkat na naapektuhan ng pangaabuso
- Paggabay sa tao at sa kanyang pamilya sa panahon ng dilubyo dulot ng krisis na pisikal, emosyonal o espiritwal
- Pagbuo ng mga network ng tulong at pakikipag-ugnayan sa mga eksternal na lupon sa ngalan ng taong ginagabayan.